

PARA AGARANG PAGLABAS

Ang Hepe ng mga Bombero ng Brampton na si Bill Boyes ay ginawaran ng Fire Chief of the Year ng Canada

BRAMPTON, ON (Setyembre 13, 2021) – Sa araw na ito, ang Brampton Fire and Emergency Services (BFES) Chief na si Bill Boyes ay binigyan ng award na Fire Chief of the Year ng Canadian Association of Fire Chiefs (CAFC) at ng Fire Underwriters Survey of Canada. Ang taunang programa na ito ay kumikilala sa kahusayan sa industriya ng mga serbisyo sa kaganapan ng sunog sa buong Canada.

Ang karera sa pagiging bombero ni Chief Boyes ay nagsimula sa Brampton kung saan nadebelop siya mula bilang bombero at sa kalaunan ay naging Kapitan. Naglilingkod bilang Hepe ng mga Bombero ng Brampton mula 2017, siya ay naging drayber ng tuloy-tuloy na ebolusyon at edukasyon ng departamento, habang nananatiling committed sa pinakamataas na kalidad ng kaligtasan sa sunog at serbisyo, Isang malakas na tagapagtaguyod ng patuloy na pag-unlad, si Chief Boyes ay may matinding damdamin tungkol sa kahalagahan ng pagpapa-improve sa diversity, pagkakapantay-pantay at pagsasali sa lahat sa mga serbisyo sa sunog at itinanim ang mga ito sa pamamagitan ng mga pagkakataon sa pagsasanay at mga sesyon ng impormasyon sa birtwal na karera para sa publiko.

Simula sa umpisa ng pandemyang COVID-19, si Chief Boyes ay naging instrumento sa pangunguna sa komunidad sa hamon na ito, ginagampanan ang tungkulin ng liderato sa Emergency Management response team ng Lungsod habang nananatiling committed sa kanlang papel bilang Hepe ng mga Bombero.

Si Chief Boyes ay isang tunay na tagapagtaguyod para sa inobasyon at patuloy na nagtatrabaho para iposisyon sa tagumpay ang BFES at ang lungsod para sa tagumpay sa pamamagitan ng Fire Master Plan ng departamento. Sa taon na ito, inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang plano ng BFES na palitan ang front-line pumper ng ganap na de-kuryenteng fire truck, na umaambag sa layunin ng Brampton na bawasan ang greenhouse gases at pagiging isang Green City.

Si Chief Boyes ay isang dedicated at respetadong miyembro ng korporasyon, nominado ni Konsehal Rowena Santos, suportado ng buong team ng liderato ng Lungsod, at di-mabilang na dami ng mga kasamahan – kapwa internal at sa labas ng komunidad, kabilang ang Peel Regional Police Chief, na si Nishan Duraiappah.

Mga Quote

“Congratulations kay Chief Boyes sa nararapat na award na ito. Siya ay isang pinapahalagahang miyembro ng ating team ng liderato na dedicated sa lahat ng bagay na kinakatawan ng tungkulin ng Hepe; siya ay isang tagasuporta ng komunidad, tagapagtaguyod ng kaligtasan, isang inobatibong taga-isip at mapagmalasakit na lider. Mula 2017, dinebelop ni Chief Boyes ang Brampton Fire and Emergency Services tungo sa maagap mag-isip, modernong team ngayon at hinahangaan at pinapasalamat natin siya sa kanyang nagpapatuloy na commitment.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Si Chief Boyes ay patuloy na umaangat at lampas pa sa tawag ng tungkulin na mamuno at maglingkod sa komunidad. Siya ang nangunguna sa inobasyon sa mga serbisyo ng bombero at dedicated sa pagbuo ng isang team na nagsasali sa lahat, konektado at maagap mag-isip. Ang kanyang paniniwala sa paggawa ng pangkolaborasyong paraan sa kasama ang Brampton team, ang kanyang mga kpwang komisyoner at ang komunidad ang nagpapabukod-tangi sa kanya bilang isang tunay na lider.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Si Chief Boyes ay isang katang-tanging lider na kumakatawan sa ating mga pagpapahalaga sa kumpanya sa tapang, tiwala, pagmamalasakit at integridad. Siya ay abanteng nag-iisip at ipinwesto ang buong Brampton Fire and Emergency Services team bilang mga lider sa industriya at pinagkakatiwalaang mga miyembro ng komunidad. Congratulations Chief!”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Ang Chief Boyes ay palaging humigit pa at lumampas sa pagtupad sa kanyang mga tungkulin bilang Fire Chief. Sa pagdating ng COVID-19 ginampanan niya ang kanyang tungkulin nang buong puso at nag-excel bilang isang malakas at mapagmalasakit na lider na nakatuon sa pagsuporta sa kaligtasan at kabutihan ng komunidad. Pinapahalagahan ko ang kanyang pakikipagtulungan sa emergency service partners kabilang ang Peel Regional Police. Wala nang iba pang deserving sa karangalan na ito.”

- *Nishan Duraiappah, Chief, Peel Regional Police*

“Ipinagmamalaki nating kilalanin si Chief Bill Boyes bilang ang 2021 Fire Chief of the Year Career at ng Composite Departments. Ang tungkulin ng isang hepe ng mga bombero ay nangangailangan na ng napakataas na kalidad ng personal at propesyonal na kahusayan. Para sa Fire Chief of the Year Award, hinahanap natin ang mga katangin na humigit at lampas pa sa mataas ng sukatang ito. Kinikilala ang nasabing kahusayan, ay nagpapasigla sa lahat sa atin tungo sa mas magandang kinabukasan na puno ng mga posibilidad, na siyang ginagawa ni Chief Boyes. Congratulations kay Chief Boyes, Brampton Fire and Emergency Services at Lungsod ng Brampton. Hinahangaan namin kayong lahat.”

- *Chief John McKearney, President Canadian Association of Fire Chiefs, Whistler Fire Chief*

“Talagang malaking karangalan na makilala bilang Fire Chief of the Year ng Canadian Association of Fire Chiefs (CAFC) at ng Fire Underwriters Survey of Canada. Ang aking tagumpay sa tungkulin na ito ay lubos na dahil sa patuloy na suporta at tagumpay ng Brampton Fire and Emergency Services team. Ipinagmamalaki ko ang kung anong nakamit natin bilang isang collective at isang pribeliyo ang makapaglingkod sa Brampton, sa ating Fire Service at sa kamang-manghang komunidad.”

- *Bill Boyes, Chief, Brampton Fire and Emergency Services*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA



Media Release

Prabhjot Kainth
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Prabhjot.Kainth@brampton.ca